Republic of the Philippines
Province of Cavite
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
Trece Martires City

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE 2ND REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN OF CAVITE HELD ON 16 JANUARY 2006 AT THE SESSION HALL, CAPITOL BUILDING, TRECE MARTIRES CITY

PRESENT:

Hon. Recto M. Cantimbuhan	Temporary Presiding Officer
Hon. Hermogenes C. Arayata III	Majority Floor Leader
Hon. Cesario R. del Rosario, Jr.	Minority Floor Leader
Hon. Eileen R. Beratio	Sanggunian Member
Hon. Hilda P. Mendoza	Sanggunian Member
Hon. Dencito P. Campaña	Sanggunian Member
Hon. Iluminada F. Silao	Sanggunian Member
Hon. Luis T. Pagtakhan	Sanggunian Member
Hon. Rafael S. Rodriguez	Sanggunian Member
Hon. Arleen C. Arayata	ABC Prov'l. Fed. Pres.
Hon. Sophia Marie G. Pagtakhan	SK Prov'l. Fed. Pres.
Hon. Alex L. Advincula	On Official Leave
Hon. Juanito Victor C. Remulla, Jr.	On Official Business

ANSENT:

Hon. Rodel R. Bacos	SB Prov'l. Fed. Pres.

RESOLUTION NO. 31-S-2006

SAPAGKAT, ang mga kabataan ay itinuturing na mahalagang miyembro ng lipunan kaya't ang kanilang pisikal, moral, ispirituwal, sosyal at intelektuwal na pagunlad ay dapat protektahan;

SAPAGKAT, isa sa itinuturing na malaking impluwensya sa mga kabataan nagyon ay ang iba't ibang impormasyon na nakukuha nito na naggaling sa telebisyon, diyaryo, mga "computer", babasahin at iba pang uri ng teknolohiya;

SAPAGKAT, tungkulin ng pamahalaan na tiyakin na ligtas sa anumang uri ng kapahamakan ang mga kabataan kung kaya't nararapat na magkaroon ng mga regulasyon na mangangalaga sa mga kabataan;

Kung kaya't dapat pagtibayin ng Sangguniang Panglalawigan ang mga sumusunod:

- over -

ORDINANSA BLG. 2006-001

KAUTUSANG IPINAGBABAWAL ANG PAGGAMIT NG MGA MALALASWANG "VIDEO DISPLAY" SA MGA KOMERSIYAL NA VIDEO-KARAOKE SYSTEM NA MATATAGPUAN SA MGA LUGAR NA NAPUPUNTAHAN O NARARATING NG MGA MENOR DE EDAD SA NASASAKUPAN NG LALAWIGAN NG CAVITE, AT PAGTATAKDA NG KAPARUSAHANG NAUUKOL DITO

Akda ni: HON. SOPHIA MARIE G. PAGTAKHAN

Seksiyon 1. **LAYUNIN.** Ang Kautusang ito ay naglalayong bigyang proteksiyon ang mga murang kaisipan ng mga bata o ng mga "menor de edad" sa mga di-mabuting naidudulot ng mga malalaswang "video display" na nakikita o napapanood sa mga komersiyal na Video-Karaoke System.

Seksiyon 2. **SAKOP.** Ang Kautusang ito ay ipatutupad sa buong nasasakupan ng Lalawigan ng Cavite.

Seksiyon 3. **KAHULUGAN NG MGA SALITA**

1. **MALALASWANG VIDEO DISPLAY** – mga video display na ang mga gumaganap ay walang saplot sa katawan o kung mayroon man ay halos nakalabas na ang maseselang bahagi ng katawan nito; mga video display na naglalarawan ng malalaswang gawain sa pagitan ng lalaki at babae at iba pang pagpapamalas ng kalaswaan na hindi dapat nakikita ng mga bata

2. **KOMERSIYAL NA VIDEO KARAOKE SYSTEM** – mga video-karaoke system na ginagamit sa paghahanapbuhay o mga "Videoke For Hire"

3. **LUGAR NA NAPUPUNTAHAN NG MGA BATA** – restawran; kasiyahan o handaan para sa anumang pagdiriwang; bahay na may paupahang karaoke system sa pamamagitan ng paghuhulog ng "coins"

4. **MENOR DE EDAD** – mga kabataang may edad na 17 taon pababa

Seksiyon 4. **REGULASYON.**

1. Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng malalaswang video display sa mga komersiyal na video karaoke system na matatagpuan sa lugar na napupuntahan o nararating ng mga menor de edad.

2. Ang mga namumuhunan ng mga komersiyal na video-karaoke system at mga may-ari o tagapangasiwa ng restawran na may komersiyal na video-karaoke system ay binibigyan ng talumpung (30) araw mula sa pagpapatibay ng Kautusang ito upang mapalitan ang video display alinsunod sa itinatadhana ng Kautusang ito.

3. Ang mg Tanggapan ng Punong Bayan/Punong Lungsod at Municipal/City Social Welfare and Development, sa pakikipag-ugnayan ng mga Punong Barangay at Pulisya ay inaatasang maging kabahagi ng Pamahalaang Lalawigan sa pagpapatupad ng layunin ng Kautusang ito at ang nasabing mga tanggapan ay binibigyan ng kapahintulutan na kumpiskahin ang Video-Karaoke system na hindi tumutugon sa isinasaad ng Kautusang ito.

Seksiyon 6. **KAPARUSAHAN.** Ang sinumang mahuhuling lumalabag sa Kautusang ito ay papatawan ng Kaparusahang tulad ng sumusunod:

Unang Paglabag	P 2,000.00 multa
Ikalawang Paglabag	P 3,000.00 multa, pagkumpiska ng Video Karaoke system at babala para sa pagkansela ng kaukulang "Business Pemit"
Ikatlong Paglabag	P 5,000.00 multa, pagkumpiska ng Video Karaoke system, pagkansela ng "Business Permit" o pagkakakulong sa loob ng anim (6) na buwan

Seksiyon 7. Ang Kautusang ito ay magkakabisa tatlumpung (30) araw matapos na mapagtibay at mailahatla sa pahayagang panglalawigan.

UNANIMOUSLY APPROVED.

I hereby certify to the correctness of the foregoing.

JOSE R. DELCASTRO, SR.
Provincial Board Secretary

ATTESTED:

RECTO M. CANTIMBUHAN
Temporary Presiding Officer

APPROVED:

AYONG S. MALIKSI
Provincial Governor

JRC/loida